

# Kahilingan para sa mga Komento

**Abril 9, 2026**

PARA SA: MGA INTERESADONG PARTIDO

MULA SA: TAGAPAGPAGANAP NA OPISYAL / OPISYAL SA  
PAGKONTROL NG POLUSYON SA HANGIN (AIR  
POLLUTION CONTROL OFFICER, APCO)

PAKSA: **Kahilingan para sa mga Komento – Mga Potensyal na  
Konsepto para sa Pag-update ng Panlipunan at Pang-  
ekonomiyang Pagsusuri sa Paggawa ng mga Tuntunin ng  
Distrito ng Hangin**

---

Ang Distrito ng Hangin ng Bay Area (Distrito ng Hangin) ay maglalabas ng Kahilingan para sa mga Komento tungkol sa mga potensyal na konsepto para sa pag-update ng proseso para sa pagsasagawa ng panlipunan at pang-ekonomiyang pagsusuri sa paggawa ng mga tuntunin ng Distrito ng Hangin.

## **BACKGROUND**

Ang Lupon ng mga Direktor ng Distrito ng Hangin ay nagpapatupad ng mga tuntunin na kumokontrol sa polusyon sa hangin mula sa maraming iba't ibang pinagmumulan, at sa prosesong ito, dapat isaalang-alang ng Distrito ng Hangin ang mga pang-ekonomiyang epekto ng mga bago o na-update na tuntunin sa mga residente, negosyo, at ekonomiya ng rehiyon sa ilalim ng batas ng California (seksyon 40728.5 ng Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan). Kung minsan, nagbibigay ang Distrito ng Hangin ng karagdagang impormasyon na higit pa sa hinihingi ng batas, na nagbibigay ng kapaki-pakinabang na impormasyon na maaaring kinabibilangan ng pagmomodelo ng mga benepisyo sa kalusugan at equity, mga malawakan at detalyadong pagtatasa sa mga potensyal na pang-ekonomiyang epekto, at mas malalim na pagsusuri kung paano maaaring makaapekto ang mga tuntunin sa iba't ibang grupo at komunidad.

Gumagawa ang Distrito ng Hangin ng mas pormal na patakaran sa pagsusuri sa panlipunan at pang-ekonomiyang epekto at naglabas ito ng mga potensyal na konsepto para sa pagsusuri at komento ng publiko. Ang mga materyales na ito ay makukuha sa [web page na Pagsusuri sa Panlipunan at Pang-ekonomiyang Epekto](#) ng Distrito ng Hangin.

## **PANAHOON PARA SA KOMENTO NG PUBLIKO**

Ang mga materyales tungkol sa mga potensyal na konsepto ay makikita sa [web page na Pagsusuri sa Panlipunan at Pang-ekonomiyang Epekto](#) ng Distrito ng Hangin o sa [www.baaqmd.gov/ruledev](http://www.baaqmd.gov/ruledev). Inaanyayahan ng Distrito ng Hangin ang feedback ng publiko tungkol sa mga konseptong ito at isasaalang-alang nito ang lahat ng natanggap na input

sa panahon para sa komento para sa higit pang pagpapaunlad ng patakaran sa pagsusuri sa panlipunan at pang-ekonomiyang epekto.

**Deadline para sa mga komento ng publiko: Miyerkules, Mayo 13, 2026, nang 5:00 p.m.**

Tatanggapin ang mga komento tungkol sa mga potensyal na konsepto nang hanggang 5:00 PM sa Miyerkules, Mayo 13, 2026, at dapat ipadala ang mga ito sa Air District Rule Development sa pamamagitan ng email sa [ruledevelopment@baaqmd.gov](mailto:ruledevelopment@baaqmd.gov) o sa pamamagitan ng koreo sa 375 Beale St., Suite 600, San Francisco, CA 94105.